





MAHALAGANG PANGKALIGTASANG IMPORMASYON TUNGKOL SA "DRONE"



Huwag magpalipad ng drone nang mas mataas sa 120 metro (400ft) mula sa lupa.



Ang iyong drone ay hindi dapat kukulang sa 30 metro ang layo mula sa ibang tao.



Magpalipad nang di kukulang sa 5.5km ang distansya mula sa mga kontroladong paliparan ng eroplano



Magpalipad lamang ng isang drone bawat pagkakataon.



Huwag magpalipad sa itaas ng mga tao o sa mataong lugar. Kabilang rito ang mga tabing dagat, mga parke, mga pagdiriwang, o mga sport oval na kasalukuyang may palaro.



Magpalipad lamang sa araw at dapat abot tanaw lagi ang iyong drone Nangangahulugan na nakikita lagi ng mga mata mo ang drone (hindi sa pamamagitan lamang ng isang kagamitan).



Huwag magpalipad ng drone sa itaas o malapit sa mga lugar na makakaapekto sa kaligtasan ng publiko o kung saan may emerhensya. Kabilang dito ang mga banggaan ng sasakyan, operasyon ng pulisya, sunog o pinapatay na sunog at 'search and rescue'.



Bawal sa batas ang magpalipad para sa pera o para pagkakitaan, maliban na lang kung ikaw ay may katibayan bilang isang drone operator, o nagpapalipad ng excluded drone sa sub 2kg o sa kategoryang pribadong may-lupa.



Tandaan, huwag magpapaandar ng iyong drone sa paraang makakapeligro sa ibang mga eroplano, tao o arian.



Respetuhin ang pagkapribado. Huwag mag rekord o litratuhan ang mga tao nang walang pahintulot - maaari itong labag sa batas ng estado.

Ang mga bagong patakaran na magkakabisa ay nag-uutos na ang drone opereytor ay dapat may kilalang katibayan bilang piloto ng drone at iparehistro ang mga drone na mas mabigat sa 250 gramo. Para sa dagdag na kaalaman, bumisita sa casa.gov.au/drone